【タガログ語版】

# Mobile Wi-Fi Router Rental Guides



## Kapag nais humiram ng Mobile Wi-Fi Router.

- Nagpapahiram po kami ng Mobile Wi-Fi Router sa mga taong nalalapatan ng mga sumusunod na kalagayan.

➢Walang Internet Connection sa bahay.

➢Pansamantalang walang Internet Connection sa bahay dahil mayroong Constructions etc.

➢Mayroong Internet Connection sa bahay ngunit mayroong limitasyon, at alanganin mahirap magamit Internet Home Study.

- Ang pagpapahiram po ng Mobile Wi-Fi Router ay tig-isa lang po na magagamit para sa isang Student Study Gadget. (Sa mga batang mayroong kapatid na nag-aaral din, tig-isa po sila.)
- Kinakailangan po ninyong bayaran yung Internet Connection Fee (￥1,500/kada buwan. Hindi po kada araw). Ibibigay po sa inyo yung Payment Slip mula sa Board of Education, sa pamamagitan ng paaralan.
- Ang DATA ay hanggang 10GB/ kada buwan. Kung lumagpas sa paggamit, magkakaroon po ng pagbagal sa Connection.

## Daloy ng aplikasyon

- Ipasa po ninyo sa paaralan yung 「**Application Form para sa paghiram ng Connection Devices na gagamitin sa Home Studies　(Form No.1)**」
- Sa mga kasalukuyang tumatanggap ng tulong pinansyal para sa pag-aaral, paki pasa din po ninyo yung 「家庭学習のための通信機器　貸与事業の通信費に係る閲覧調査承諾書（様式第３号）/ **Papel ng pagsang-ayon sa pagtingin sa inyong mga impormasyon, para sa pag-sasaayos ng halaga ng bayaran para sa Connection Fee ng Connection Device para sa Home Study (Form No.3)**」
- Maaari din po kayong makapag-apply sa Hikone City Homepage Digital Application.
  Mayroon pong QR Code sa likod ng papel na ito.

- Malalaman po kung makakahiram o hindi, pagkatapos na mapagpasyahan sa Board of Education Office. Kung mapapahiram, ipapadala po namin sa inyo sama-sama na yung Notice Form, Payment Slip at Mobile Wi-Fi Router.

※Sa mga tumatanggap ng tulong pinansyal sa pag-aaral, sasagutin na po ng Hikone City yung bayad kaya wala ng Payment Slip na ipapadala.

※Sa mga kasalukuyang tumatanggap ng Life Insurance Welfare, idadagdag po doon sa matatanggap ninyong Allowance yung pambayad, kaya bayaran po ninyo sa pamamagitan ng Payment Slip.

- Paki bayaran po yung Connection Fee Payment Slip sa mga Banko na nakasaad sa papel.

- Sa mga nakapagpakabit na ng Wi-Fi Connection sa bahay, at tatapusin na ang paggamit sa Mobile Wi-Fi Router, paki pasa po ninyo kaagad sa paaralan yung「**Request Form para sa pag-iiba (pagpapalit) ng impormasyon sa paghiram ng Connection Devices na gagamitin sa Home Studies**」bago lumagpas ang ika-25 na araw ng kasalukuyang buwan.

# Paki tiyak po



## Patungkol sa paggamit sa Mobile Wi-Fi Router

- Ang Mobile Wi-Fi Router ay High Precision Machine, kaya't paki ingatan po maigi.
- Kinakailangan po ninyong bayaran ang pagpapagawa sa Mobile Wi-Fi Router, kung ito'y naiwala o nasira dahil sa pananadya o kakulangan ng pag-iingat.
- Huwag po ninyong ipapahiram o ibibigay sa ibang tao yung ipinahiram sa inyong Mobile Wi-Fi Router.
- Hindi po maaaring magamit ang Mobile Wi-Fi Router maliban sa Home Study.

## Kapag nasira o naiwala ang Mobile Wi-Fi Router...

- Pagkatapos na maipaalam po ninyo kaagad sa Board of Education Office, ipasa po ninyo kaagad yung papeles na「家庭学習のための通信機器破損・紛失届（様式第４号）/ **Pagpapaalam sa pagkasira o pagkawala ng Connection Device para sa Home Study (Form No. 4)**」
- Kung naiwala, kinakailangan po ng Xerox Copy ng papeles na nagpapatunay na ipinaalam po ninyo ang patungkol dito sa Pulis.

## Patungkol sa pagbawi ng pasya sa pagpapahiram

- Mayroon pong pagkakataon na binabawi ang pagpasya sa pagpapahiram, kung nalalapat ang mga susunod.

➢Natuklasang wala sa kundisyon na makahiram.

➢Hindi nagbayad ng Connection Fee sa takdang araw, at kahit na pinadalahan na ng babala ay hindi parin nagbabayad.

➢Napatunayang ginamit ang Mobile Wi-Fi Router sa hindi magandang bagay.

## Application Forms • Digital Application

Nasa Hikone City Homepage po ang bawat Application Forms.
Maaari po ninyong mai-download upang magamit.

https://www.city.hikone.lg.jp/kakuka/kyoiku_iinkai/gakko_ict/hikonesigigaschool/18556.html

Maaari din pong makapag-apply sa pamamagitan ng Digital Application, mula sa Homepage.

https://s-kantan.jp/city-hikone-u/offer/offerList_detail.action?tempSeq=526

## Contact

Hikone City Board of Education Office, School ICT Promotion Division　TEL：０７４９−２４−７９７５